

Nakatanggap ang mga residente ng Cook County ng mga smart meter mula sa ComEd, at gusto ng Departamento ng Kapaligiran at Pagpapanatili ng Cook County na malaman mo ang tungkol sa iyong bagong metro at ang mga paraan para matulungan mo ang kapaligiran habang nakakatipid sa enerhiya at pera.

## Makatipid gamit ang isang Smart Thermostat



Natuklasang nababawasan ng mga smart thermostat ang paggamit ng enerhiya para sa pagpapainit at pagpapalamig ng bahay nang may average na 8-15%, na makakatulong sa iyong makatipid ng \$50-\$130 kada taon. Kumokonekta ang mga smart thermostat sa internet at maaaring kontrolin ang mga ito gamit ang smartphone. Nakakatulong sa iyong makatipid ng pera ang pagsasaayos ng temperatura sa loob ng iyong bahay batay sa iyong iskedyul. Maaaring available ang mga rebate sa mga smart thermostat na makakabawas sa halaga ng aparato sa pamamagitan ng ComEd, Nicor Gas, o Northshore Gas.

- Impormasyon sa rebate ng ComEd: <https://bit.ly/2SBUAav>
- Impormasyon sa rebate ng Nicor Gas: <https://bit.ly/3zvJF0E>
- Impormasyon sa rebate ng Northshore Gas: <https://bit.ly/35qBf8e>

## Higit Pang Paraan para Makatipid:

- **ComEd:**  
<https://www.comed.com/WaysToSave/ForYourHome/Pages/Default.aspx>
- **Nicor Gas:**  
<https://www.nicorgas.com/residential/ways-to-save.html>
- **Northshore Gas:**  
<https://www.northshoregasdelivery.com/savings/default>

## Ano ang smart grid?

Ang smart grid ay isang power grid na gumagamit ng makabagong teknolohiya na mas mahusay na nakakatugon sa mga pangangailangan sa kuryente at batay ito sa komunikasyong two-way (may dalawang kalahok).

## Ano ang magagawa ng mga smart meter?

- Wireless na makipag-ugnayan sa bagong smart grid para iulat ang mga brownout.
- Bigyan ka ng kakayahang masubaybayan nang mas mabuti ang iyong pagkonsumo ng enerhiya
- Bigyan ka ng detalyadong impormasyon kung paano at kailan ka guagamit ng enerhiya
- Kumonekta sa mga online na tool at alerto

### Gusto mo bang matuto pa?

**Tingnan ang mga kapaki-pakinabang na sangguniang ito.**

### Departamento ng Kapaligiran at Pagpapanatili ng Cook County

[www.cookcountyl.gov/service/energy-efficiency](http://www.cookcountyl.gov/service/energy-efficiency)

### Smart Power Illinois

[www.smartpowerillinois.org](http://www.smartpowerillinois.org)

### Smart Power Illinois YouTube

[tinyurl.com/ngdfzk5](https://tinyurl.com/ngdfzk5)

### Citizens Utility Board


[www.citizensutilityboard.org](http://www.citizensutilityboard.org)

### Elevate Energy

[www.elevateenergy.org](http://www.elevateenergy.org)

## DEPARTAMENTO NG KAPALIGIRAN AT PAGPAPANATILI NG COOK COUNTY

## SMART SAVINGS PARA SA MGA RESIDENTE NG COOK COUNTY



**Gusto mo bang makatipid ng pera at enerhiya sa iyong mga bill sa utilidad? Makakatulong ang mga sangguniang ito.**

Gusto ng Departamento ng Kapaligiran at Pagpapanatili ng Cook County na malaman mo ang tungkol sa mga paraan para matulungan mo ang kapaligiran habang nakakatipid ka ng pera.



@COOKENVIRO

ENVIRONMENT@COOKCOUNTYIL.GOV

## MGA PARAAN PARA MAKATIPID NG ENERHIYA AT PERA NGAYON



**Paghalu-haluin at pagtugmain ang mga programa para mas mahusay na gumamit ng enerhiya habang pinapanatili ang pagiging komportable at kaginhawaan sa bahay. Kung mas makikilahok ka, mas malaki ang matitipid mo. Alamin kung ano ang iyong mga opsyon at tukuyin kung aling programa ang mainam para sa iyo.**

### Mga Pagtitipid sa Panahon kung kailan Pinakamataas ang Pangangailangan ng ComEd

Makakuha ng hanggang sa \$60 na kredito sa iyong bill kada tag-araw na makikilahok ka sa pamamagitan ng pagpili na bawasan o iantala ang malakas na paggamit ng enerhiya sa mga partikular na pinakamaiinit na araw sa mga panahon kung kailan pinakamataas ang pangangailangan.

- Para sa higit pang detalye, tumawag sa (844) 852-0347 o bumisita sa [www.comed.com/pts](http://www.comed.com/pts)

### Pagsiklo ng Sentralisadong AC ng ComEd

Makilahok sa pamamagitan ng pagbibigay-pahintulot sa ComEd na malayuang isiklo sa pagitan ng naka-on at naka-off ang iyong air conditioner sa mga araw na mataas ang pangangailangan sa tag-araw para makakuha ng \$20 o \$40 na kredito nang walang kahirap-hirap sa iyong bill kada tag-araw. Sumisiklo sa pagitan ng naka-on at naka-off ang compressor, habang nananatiling naka-on ang bentilador para paikutin ang pinalamig nang hangin para mapanatili kang komportable.

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (800) 986-0070 o bisitahin ang <https://www.comed.com/WaysToSave/ForYourHome/Pages/CentralACCycling.aspx>

### Kada Oras na Pagpepresyo ng ComEd

Nag-iiba-iba ang mga presyo ng kuryente kada oras, pero nagbabayad ang karamihan ng tao ng fixed rate (hindi nagbabagong halaga). Magbayad ng mas mabababang rate kapag mababa ang pangangailangan para sa enerhiya sa pamamagitan ng pag-sign up sa programang ito. Sa average, maaari mong mabawasan ang halaga ng iyong supply ng kuryente nang 15% sa pamamagitan ng kada oras na pagpepresyo kumpara sa kung ano ang maaari mong bayaran gamit ang mga pangkaraniwan at hindi nagbabagong halaga ng ComEd.

- Para sa higit pang detalye, tumawag sa (888) 202-7787 o bumisita sa [hourlypricing.comed.com](http://hourlypricing.comed.com)

### Mga Rebate ng Nicor Gas sa Pagiging Matipid sa Enerhiya

Makatipid sa Pera sa pamamagitan ng pagiging matipid sa enerhiya. Karapatan mong makatipid sa enerhiya nang hindi sinasakripisyo ang kaginhawaan. Magagawang mas abot-kaya ng mga rebate ng Nicor Gas para sa mga kagamitang matipid sa enerhiya ang pag-upgrade, para mapanatili kang komportable sa buong taon.

Para sa higit pang detalye, bumisita sa <https://www.nicorgas.com/residential/ways-to-save.html>

Ang pagpapainit at pagpapalamig ng iyong bahay ay ang karaniwang pinakamalaki mong gastusin sa enerhiya. Sinusuri ng pagtatasa sa enerhiya kung paano ka gumagamit ng enerhiya sa iyong bahay at humahanap ito ng mga paraan para makatipid sa iyong mga bill at gawing komportable ang iyong bahay. Maaaring gawing mas abot-kaya ng mga rebate at insentibo ang mga investment (pamumuhunan) sa efficiency (pagtitipid sa enerhiya).

### ComEd, Nicor Gas at Peoples Gas Mga Libreng Pagtatasa sa Enerhiya sa Bahay

Nagkakabit ang mga tagapayo sa enerhiya ng mga produktong matipid sa enerhiya sa iyong bahay at nagbibigay sila ng mga tip sa mga susunod na hakbang.

- Mga kostumer ng ComEd, (855) 433-2700 o [www.comed.com/waystosave/foryourhome](http://www.comed.com/waystosave/foryourhome)
- Mga kostumer ng Nicor Gas, (877) 886-4239 o <https://nicorgasrebates.com/your-home/home-assessments>
- Mga kostumer ng Peoples Gas, (855) 849-8928 o [http://www.peoplesgasdelivery.com/home/rebates\\_residential.aspx](http://www.peoplesgasdelivery.com/home/rebates_residential.aspx)
- Mga kostumer ng North Shore Gas, (855) 849-8928 o <https://accel.northshoregasdelivery.com/home/saving.aspx>

 @COOKENVIRO

 ENVIRONMENT@COOKCOUNTYIL.GOV